2025 Volume 1 Issue 1

TALAS
Mga balita, tampok, at sanaysay

# *Lambung (Anino)*

*Marlyn P. Kangah*
*Filipino Department, Zamboanga City High School-Main, Zamboanga City, 7000*
*Corresponding email: marlyn.kangah@deped.gov.ph*

Ano pa ba ang aking mahihiling? Suportado ako ng aking magulang. Ako'y ibong malayang lumilipad, walang lambat ang sumusupil sa akin. Maging ang oras ay dama kong pumapanig sa aking pithaya. Ang natatangi kong tungkulin ay namnamin ang tamis ng pagkatuto at sumabay sa agos ng buhay na may maningning na ngiti sa puso.

Ngunit….

Ngunit ang lahat ng ito ay mananatiling bituing mailap, mga pagnanais na isinilang sa isipan at pasasaan ay hindi itinadhana sa isang katulad ko.

Malalim na ang gabi, bilog na bilog ang buwan na pinaliligiran ng mga maiitim na ulap na miminsan ay maaaninagan ng aninong hindi mawari. Tuloy-tuloy ang kahol ng asong ligaw sa paligid. Samantalang patuloy na sumasayaw ang mga sanga't dahon, waring nakikiisa sa saliw ng himig ng kalikasan na tanging puso ang nakaririnig. Tiyak kong ang karamihan ay payapang niyayakap ng gabi't mahimbing na nilulunod ng panaginip kasalungat kong dilat na dilat ang mata habang nakikidigma sa mga pahina't letra dahil sa isang sagradong utos- ang makakuha ng mataas na marka!

Mula pagkabata ay obligadong manguna sa klase dahil kung hindi, isang matalim na salita at mga parusang kurot, palo at ang walang humpay na panduduro ang tumatagos sa kaluluwa na sanhi ng pagkatakot at pagkasuklam na siyang unti-unting umuubos sa akin.

Ako ang repleksiyon sa naging panayam kay Dr. Susan Newman, Ph.D na nailathala sa Psychology Today, (Hulyo, 2021). Ayon sa kaniya, "ang mga magulang na nagnanais ng pinakamainam para sa kanilang mga anak ay magdudulot ng 'di sinasadyang pagkabalisa sa maling pagkakataon, paraan, at aspeto. Maaari itong magdulot ng malalalang epekto tulad ng pagtaas ng antas ng depresyon, pagbaba ng motibasyon at pagkawala ng tiwala sa sarili."

Pinatunayan naman ito ng pag-aaral ni Dr. Laurence Steinberg tungkol sa Adolescent Psychology and Parenting Style na may pamagat na "We Know Some Things: Parent–Adolescent Relationships in Retrospect and Prospect, (2001). Ayon sa kaniyang pag-aaral na Kapag masyadong nakatutok sa tagumpay ang mga magulang, nauuwi ito sa stress, emotional detachment, at humahantong sa paglayo ng loob ng anak sa magulang at kapag lumala ay nauuwi sa mental health issue.

Sang-ayon ako sa kanilang tinuran sapagkat sa mga mapanakit na sitwasyong magulang ko mismo ang may gawa ay tanging luha ang aking naging karamay.
"Ang mundo ay isang malawak na karera, dapat parati kang manguna para sa ikauunlad ng iyong kinabukasan." Ang nangdidilat at lumalaking bibig na paliwanag sa akin ni mama sa tuwing natatalo ako ng iba.

Sampung taong pananakit at katahimikang sumisigaw sa loob! Kahit pinipilit kong intindihin ay hindi ko pa rin maintindihan ang kanilang dahilan! Bakit karamihan sa kapwa ko Kabataan ay hindi nilulumpo ng malalim na sugat? Bakit ako? Bakit kailangang araw-araw kong danasin ang pagkapunit ng aking bawat laman?

Tiningala ko muli ang nagliliwanag na buwan. May naaaninag na naman akong anino sa pagitan ng mga nagpapatinterong ulap. Kilala ko ang anino na iyon, hindi ko siya tinawag, pero ako ang kanyang nilapitan na waring nagkukubli ng matinding lihim. Tangan-tangan ang punyal na tila alay na sagot sa sakit na matagal ko ng kinikimkim. Isang bulong ang dumaan sa hangin.

“Ito na ang wakas.” Sabay saksak sa dibdib, ngunit sa halip na kirot, pagkalma ang umagos sa kalayaang matagal ko nang inaasam."

“Anak….” Isang malakas na sigaw ng pananangis ang umalingawngaw sa kalangitan na tiyak kong tinig ni mama. Unti-unting bumukas ang aking paningin.

“Anak! Ano ba? Gumising ka na mahuhuli ka na sa klase!” Ang pagalit na sigaw niya.

Buong akala ko’y handa na akong mapabilang sa naitala ng Department of Education mula 2023 hanggang 2024 na inilathala ng The Philippine Star, (2024) na may 254 na mag-aaral ang nagpatiwakal dahil sa pinagdadaanang stress mula sa academic demands, mataas na paghahangad ng pamilya sa paniniwalang ang kanilang anak na ang pinakamagaling sa akademiko at emotional burnout.

Maluha-luha ko siyang tinitigan. Akala ko'y nabura ko na siya sa aking damdamin, pero isang malalim na hinanakit lamang pala ang pansamantalang nagtatakip sa tunay kong nararamdaman. Hindi galit ang naroon, kundi isang pag-ibig na pilit kong nilalabanan, ngunit patuloy pa ring humihinga sa kabila ng lahat.

Nakalulungkot isipin na hindi lamang ako ang nakikipagbuno sa ganitong sitwasyon sapagkat ayon sa ulat ng EDCOM 2 Year 2 Report, (Marso, 2025) sa pakikipag-ugnayan sa DepEd at DOH ay nakatatanggap sila ng mahigit kumulang na 33,779 na crisis hotlines calls mula sa Kabataan na may edad 18-31 na taong gulang. Dagdag pa ang 5,371 calls mula sa mga edad labimpitong taong gulang pababa, ang nagpapahayag ng kanilang suicidal ideation at depression. Sa kabuuan ng kumpirmadong suicidal rate ay 254 ang bilang ng nagpakamatay at 1,492 na estudyante ang nagtangkang magpakamatay. Ito ay mas mataas kumpara sa 198 suicides at 941 attempts noong 2022–2023.

Sa gitna ng mga nakababahalang tanawin ng kabataang unti-unting tinatangay ng panggigipit at pananahimik, marubdob ang aking paninindigang dapat bigyan ng matinding pansin ng Kagawaran ng Edukasyon ang School Mental Health Program. Hindi na sapat ang karaniwang pang-unawa. Panahon na upang buong pusong yakapin ng sistemang pang-edukasyon ang programang sumasalamin sa tunay na pangangailangan ng damdamin at isipan ng kabataan. Sapagkat sa bawat tahimik na hikbi at ngiting pilit, naroroon ang sigaw na hindi marinig. Sigaw na nananaghoy ng pag-unawa, suporta, at pagligtas.

Hindi pa man nakikita ni mama ang mga malalim kong sugat, tinitiyak kong gagawa ako ng hakbang upang kaming dalawa ay makaalpas sa maling paniniwala. Sa gayon ay manumbalik na rin sa aking piling ang aking aninong nagkukubli sa nagliliwanag na buwan at nalalambungan ng madilim na gabi na puno ng lihim.

Sa ngayon, isang mahigpit na yakap muna ang naihandog ko kay mama, dahil sa nailigtas ng tadhana ang aking pangalawang buhay kung aking ituring.

***DETALYE NG ARTIKULO***

*T-0000002; Natanggap: Hulyo 20, 2025; Tinanggap: Hulyo 25, 2025; Nailathala: Hulyo 23, 2025*

***SIPI:***

*Kangah M. (2025). Lambung (Anino). Talas: Mga Balita, Tampok, at Sanaysay. DOI:*

***KARAPATANG-AUTOR***

*© 2025 ng may-akda. Ang Talas: Mga Balita, Tampok, at Sanaysay ay inilalathala ng Harness Mind Publishing. Ito ay isang Open Access na artikulo na ipinamamahagi sa ilalim ng mga tuntunin ng Creative Commons Attribution License (https://creativecommons.org/licenses/by/4.0/), na nagpapahintulot sa muling pamamahagi at pagpaparami sa anumang anyo o midya, basta't kinikilala ang orihinal na akda.*